# BACKGROUNDER 3

Para sa Agarang Paglabas
2021FIN0023-000744
Abril 20, 2021

Ministeryo ng Pananalapi

## Sinusuportahan ang mga tao sa pandemya at pagkatapos

Ang mga British Columbian ay nagsisikap na labanan ang virus at maibalik ang buhay sa dati. Ang pamahalaan ay narito, nakikipagtulungan sa mga British Columbian. Upang suportahan ang mga tao sa pandemya at matiyak na ang mga tao ay hindi higit na mahuli habang kumikilos ang B.C. patungo sa pagbawi, ang Badyet 2021 ay may kasamang mga suporta at mga serbisyo upang gawing mas abot-kaya ang B.C. para sa lahat.

### Lumilikha ng isang Abot-kayang B.C. para sa Lahat

### Libreng pampublikong transportasyon para sa mga batang 12 taong gulang at mas bata

Mahigit sa 340,000 mga bata, na 12 taong gulang at mas bata, sa paligid ng lalawigan ay makakasakay sa pampublikong transportasayon nang libre na nasa oras para sa mga klase ngayong Setyembre. Ang pamahalaan ay namumuhunan ng $26 na milyon, kabilang ang $15 milyon mula sa Kasunduan sa Muling Pagsisimula ng Pederal at Lalawigan (Federal-Provincial Restart Agreement), upang tulungan ang mga pamilya na makahanap ng paraan na mas abot-kaya. Ang mga pamilya sa lugar ng serbisyo ng TransLink ay makakatipid ng hanggang $672 sa isang taon para sa bawa't bata na gumagamit ng isang buwanang pass, habang ang mga pamilya sa mga komunidad na pinaglilingkuran ng BC Transit ay maaaring makatipid ng hanggang $400 sa isang taon.

### Sinusuportahan ang kabataan ng B.C. sa pamamagitan ng mga pamumuhunan sa edukasyon

Ang pandemya ay naging lalong mahirap sa mga kabataan, mga guro at pansuportang kawani ng B.C. Ang Badyet 2021 ay patuloy na namumuhunan sa sistema ng edukasyon ng B.C. upang mapabuti ang pag-akses sa mga suporta sa pangkaisipang kalusugan sa mga paaralan at bumuo ng isang balangkas upang matugunan ang kapootang panlahi at pagkakasundo upang ang susunod na henerasyon ay maaaring magpatuloy na umunlad na may kaligtasan at suporta na kinakailangan nila upang magtagumpay. Ang Badyet 2021 ay namuhunan ng $1.2 bilyon na pondo ng pagpapatakbo sa plano ng pananalapi upang suportahan ang lumalaking bilang ng mga mag-aaral sa sistema ng K-12 ng B.C. at suportahan ang mga pagtaas ng sahod na napagkasunduan sa ilalim ng Kautusan sa Pakikipag-ayos sa mga Napapanatiling Serbisyo (Sustainable Services Negotiating Mandate) para sa mga guro at suportang kawani. Kabilang din sa Badyet 2021 ang $3.5 bilyon na mga pamumuhunan sa kapital sa plano ng pananalapi upang palawakin, palitan, panatilihin o baguhin ang mga paaralan sa mga komunidad sa buong lalawigan.

### Nagtatayo ng mas abot-kayang pabahay sa mga komunidad sa buong B.C.

Mahigit sa 26,000 mga bagong bahay ang itinayo o ay isinasagawa mula ng inilunsad ng pamahalaan ang 10-taong plano ng mga Bahay para sa B.C. noong 2018. Patuloy na sinusuportahan ng Badyet 2021 ang pangunahing prayoridad na ito sa pamamagitan ng paglikha ng mas abot-kayang mga pagpipilian sa pabahay para sa mga lumalaking pamilya, mga sinyor, kababaihan at mga batang iniiwanan ang karahasan, mga mag-aaral at mga Katutubong tao. Kabilang dito ang karagdagang $2 bilyon na pantustos sa pagpapaunlad sa pamamagitan ng programa ng HousingHub upang makipagtulungan sa mga kasosyo upang mapabilis ang paglikha ng humigit-kumulang na 9,000 mga bagong bahay para sa mga pamilyang may panggitnang kita sa susunod na tatlo hanggang limang taon.

### Abot-kayang pangangalaga sa bata para sa mga British Columbian

Mahigit sa 35,000 mga pamilya sa B.C. ay mayroong akses ngayon sa mababang-gastos na pangangalaga ng bata sa pamamagitan ng mga makasaysayang pamumuhunan sa huling apat na taon. Ang Badyet 2021 ay nagpapatuloy sa plano ng pamahalaan na gumawa ng magagamit na kalidad at abot-kayang pangangalaga sa bata para sa lahat ng mga pamilya, kasama ang mahigit sa pagdodoble ng bilang ng $10- sa isang-araw na lugar sa pangangalaga ng bata sa pamamagitan ng Childcare BC Universal Prototype Site, habang pinapabuti ang sahod para sa mga manggagawa at pagdadagdag ng libu-libong mga bagong lugar.

## Benepisyo sa Pagbawi ng BC

Ang Benepisyo sa Pagbawi ng BC (BC Recovery Benefit) ay nakatulong sa humigit-kumulang 2.5 milyong mga British Columbian na may mahigit sa $1.2 bilyon hanggang ngayon, habang pinapasigla ang mga lokal na ekonomiya. Ang benepisyo ay nagbibigay ng isang beses, libre sa buwis na pagbabayad ng hanggang sa $1,000 para sa mga karapat-dapat na pamilya at mga solong magulang, at hanggang sa $500 para sa mga karapat-dapat na indibidwal. Kasama sa Badyet 2021 ang $100 milyon upang patuloy na pondohan ang Benepisyo sa Pagbawi ng BC (BC Recovery Benefit). Ang mga tao ay maaaring mag-aplay hanggang Hunyo 30, 2021.

## Pinananatiling malusog ang mga Bristish Columbian

Ang malusog na mga pamilya ay mahalaga sa isang malusog na ekonomiya at isang malusog na kinabukasan, at ang Badyet 2021 ay patuloy na pinoprotektahan ang mga pamilya sa British Columbia mula sa COVID-19 at pinapalawak ang mga serbisyo sa kalusugan at pangkaisipang kalusugan na inaasahan ng mga tao upang manatiling malusog at ligtas.

## Sinusuportahan ang mahihinang tao ng B.C.

Para sa maraming mga tao na naharap na sa sistemikong hadlang o pang-aapi, ang mga epekto ng COVID-19 na pandemya ay nagpalaki ng mga umiiral na hindi pagkakapantay-pantay. Ang panganib ng pangmatagalang kawalan ng seguridad sa ekonomiya ay karagdagang pinalakas para sa mga Katutubong kababaihan, mga taong may kulay, kababaihan na may mga kapansanan, mga taong hindi binary at mga tao sa 2SLGBTQ + na komunidad. Kabilang sa Badyet 2021 ang mga programa at pagpopondo na nakadirekta sa mga taong nakakaranas ng hindi pagkakapantay-pantay upang makatulong na alisin at sirain ang mga hadlang na pumipigil sa pag-akses sa mga suporta upang makuha ng mga tao ang tulong na kinakailangan nila, kapag kinakailangan ito.

## Tulong sa kita at kapansanan

Para sa mga taong nahaharap sa mga pampinansiyal na haldlang, kasama sa Badyet 2021 ang pinakamalaking permanenteng pagtaas sa tulong sa kita at kapansanan sa B.C. Ang $175-sa isang buwan na pagtaas ay nagtatayo sa dalawang naunang mga pagtataas sa kabuuang $150 mula noong 2017, para sa isang kabuuang pagtaas sa mga antas ng tulong na $325 sa isang buwan. Ang tatlong mga pagtaas na ito ay kauna-unahan sa B.C. sa loob ng 10 taon. Ang Badyet 2021 ay nagbibigay din ng isang $50 na pagtaas sa suplemento ng mga Sinyor - ang unang pagtaas ay ginawa noong 1987 at makakatulong sa 80,000 mababang-kitang mga sinyor.

## Benepisyo sa Oportunidad ng Bata

Epektibo noong Oktubre 2020, halos 300,000 mga pamilya ay nagsimulang makatanggap ng Benepisyo sa Oportunidad ng Bata, na magpapatuloy hanggang ang bata ay maging 18 taong gulang, samantalang ang mga nakaraang benepisyo ay tumigil sa edad na anim. Ang mga pamilyang may isang anak ay makakatanggap ng hanggang $1,600 bawa't taon, hanggang $2,600 para sa dalawang mga anak, at hanggang sa $3,400 para sa tatlong mga anak. Sa kabuuan, ang mga pamilya sa B.C. ay makakatanggap ng $410 milyon sa pamamagitan ng Benepisyo sa Oportunidad ng Bata ngayong taon.

## Suporta para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan

Sa panahon na hiniling sa mga British Columbian na manatili sa bahay, maghugas ng kanilang mga kamay at manatiling ligtas, ang mga taong dumaranas ng kawalan ng tirahan ay nasa partikular na panganib. Ang B.C. ay mabilis na tumugon sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga pagpipilian sa silungan, kabilang ang pagkuha ng mahigit sa 3,000 pansamantalang mga lugar sa pamamagitan ng mga pag-upa ng mga silid at pang-emerhensiyang mga silungan na may mga serbisyo upang tulungang mapanatiling ligtas ang mga tao. Kabilang sa Badyet 2021 ang:

- Karagdagang $265 milyon sa 2021-22 upang palawigin ang mga suporta at mga serbisyo para sa mga taong nakakaranas o nasa panganib ng kawalan ng tirahan upang mapanatili ang 3,000 pansamantalang pang-emerhensiyang tirahan at mga lugar sa hotel na sumuporta sa mga taong nahaharap sa kawalan ng tirahan ng isang ligtas na lugar na mapupuntahan sa panahon ng pandemya.
- Pagbubukas ng mas permanenteng sumusuportang pabahay sa pakikipagsosyo sa pamahalaang pederal bilang bahagi ng Inisyatiba ng Mabilis na Pabahay (Rapid Housing Initiative).

Ang mga pang-emerhensiyang hakbang na ito ay isang mahalagang hakbang sa pagsusuporta sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ngayon, at ang pamahalaan ay patuloy na makikipagtulungan sa mga kasosyo sa komunidad upang maghatid ng isang pinagsamang pagtugon sa kawalan ng tirahan batay sa pag-iwas, mas permanenteng mga pagpipilian ng pabahay, at mga pansuportang serbisyo upang patuloy na mapabuti ang mga kalalabasan sa mga tao.

## Nagtatayo ng isang mas pantay na hinaharap para sa B.C.

Ang Badyet 2021 ay gumagawa nang higit pa upang suportahan ang mga taong pinaka nangangailangan nito, kasama na ang mga Katutubong komunidad, mga taong may kapansanan, kababaihan at kabataan sa pamamagitan ng pagbibigay ng:

- $85 milyon sa plano ng pananalapi upang suportahan ang pamilya, mga serbisyo sa bata at kabataan, kabilang ang karagdagang pagpopondo upang suportahan ang mga batang nasa pangangalaga, at pagbibigay sa mga batang may kapansanan ng higit na pagpopondo para sa medikal na kagamitan at mga serbisyo para sa mga batang bingi o nahihirapang makarinig.
- $367 milyon na bagong pagpopondo para sa Pamumuhay sa Komunidad ng BC (Community Living BC) sa loob ng tatlong taon upang magbigay ng mga suporta at mga serbisyo sa mahigit sa 24,000 mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan sa pag-unlad at kanilang mga pamilya.
- $132 milyon sa loob ng tatlong taon para sa isang sistema ng hustisya na nagsisilbi sa lahat ng mga British Columbian at nagbibigay ng napapanahon at pantay na pag-akses sa hustisya lalo na para sa kababaihan, mga nakikitang minorya, solong mga magulang, mga takas (refugees), mga Katutubong tao, 2SLGBTQ+ na mga miyembro ng komunidad at mga taong may mababang kita.
- $45 milyon sa loob ng plano ng pananalapi para sa kaligtasan ng kultura ng mga First Nation at pagsasanay sa kababaang loob at mga pag-uugnayan sa Katutubo sa bawa't rehiyonal na awtoridad ng kalusugan upang makatulong na matugunan ang sistemikong kapootang panlahi sa Katutubo sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagsasanay at edukasyon.
- $20 milyon sa plano ng pananalapi upang magdagdag ng 400 na higit pang mga lugar sa programa ng Aboriginal Head Start na nagbibigay ng walang bayad, na pangangalagang may kaugnayan sa kultura para sa mga Katutubong pamilya.
- $17 milyon upang makipagsosyo sa daan-daang mga Katutubong komunidad at mga organisasyon upang mapalawak ang pag-akses sa mga programa sa pamamagitan ng programa ng Pagsasanay sa Kasanayang Katutubo.
- Mga pamumuhunan sa turismo upang suportahan ang pagbawi ng isang sektor kung saan ang mga pangkat na hindi kapantay na naapektuhan ay kumakatawan sa isang makabuluhang bahagi ng trabahador.

Ang pamahalaan ay nananatiling nakatuon sa paglaban sa kapootang panlahi at ginagawa ang B.C. na mas mapagtanggap at inklusibo para sa lahat. Patuloy na hinaharap ng Lalawigan ang kapootang panlahi sa pamamagitan ng paglalagay na muli ng Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng B.C., mas malakas na mga suporta para sa mga paaralan at ang pagbubuo ng isang bagong batas laban sa kapootang panlahi at lehislasyon sa pagkolekta ng datos na batay sa lahi.

Ang Badyet 2021 ay gumagawa ng mga makabuluhang bagong pamumuhunan upang isulong ang pangangalaga ng bata, gawing mas abot-kaya ang pamumuhay, bawasan ang kahirapan, isulong ang makahulugang pagkakasundo at mamuhunan sa mga serbisyo na inaasahan ng mga tao upang gumawa ng isang pagbawi sa hinaharap para sa British Columbia na kabilang ang lahat.

**Kontak:**
Mga Relasyon sa Media ng
Ministeryo ng Pananalapi
250 387-5710

---

Makipag-ugnay sa Lalawigan ng B.C. sa: news.gov.bc.ca/connect